

Huwag nang palilinlang sa matatamis na salita at mga pangako.

DV Makipag-ugnayan kaagad kung kayo ay biktima ng DV.



**Sa bawat 13 katao, 1 ang biktima ng pang-aabuso ng asawa
Paano makaiwas maging biktima ng DV (domestic violence)?**

Ayon sa sarbey ng Cabinet Office, ang pangaabuso sa asawa ay nangyayari sa isa sa bawat 13 babae. Ang FICEC ay nagpanukala ng 22 pagpapayo sa problemang DV noong 2010. Maaaring manghingi ng proteksyon o tulong sa mga pulis sinuman na may permanente visa, residente o spouse visa kapag nakaranas ng pisikal o mental na pananakit mula sa asawa. May mga paraan para maiwasan ang mga ganitong sitwasyon kagaya ng mga sumusunod.

- 1 Maghanap ng mapagkakakitaan matapos iwanan ang asawa.
- 2 Pumunta sa mga kamag-anak (magulang o kapatid) at makipisan sa kanila.
- 3 Humingi ng tulong mula sa mga kaibigan.
- 4 Pumunta sa tanggapan ng DV section at humingi ng tulong sa domestic violence shelter na kumukupkop sa mga biktimang babae.
- 5 Pumunta sa tanggapan ng welfare division at mag-aply para sa welfare benefits matapos makapag-sumite ng katibayan bilang biktima.

Subalit, hindi maaaring mag-aply para sa welfare benefits kung ang iyong bisa ay pansamantala o family stay visa. Sa kabilang dako, mahirap iwanan ang bahay ng iyong asawa kung may mga anak kang nag-aaral. May mga suhestyon upang makaiwas maging biktima ng DV.

Una, maghanap ng mga bagay na maaaring maging libangan. Makipag-kaibigan at maki-isa sa mga aktibidades sa community center, gymnastic hall, library at iba pa.

Pag-aaral ng Nihongo. Ugaliin ang paggamit ng wikang Nihongo sa pakikipag-usap sa iyong asawa gaya ng pagkwento ng masasayang bagay. Maipapakita mo ang iyong pagpapahalaga sa mga bagay na mahalaga sa kanya. Pag-ibayuhan ang pagsisikap na pag-aralan ang Nihongo.

Nakakalungkot sabihin na karamihan sa mga biktima ng DV na tinutulungan ng FICEC shelter ay hindi gaanong makapagsalita ng Nihongo at 20 % lang sa kanila ang nakakabasa ng hiragana at kanji letters. Kung kaya't hindi malayo na magkaroon ng di pagkakaunawaan.

Malaki ang kaibahan kung matututong magbasa, sumulat at magsalita ng Nihongo kung maninirahan sa Japan. Kaya't sumali na sa mga Nihongo classes sa pampublikong facilidad. Paghahanap ng trabaho. Karamihan sa mga biktima ng DV ay walang karanasan mag-trabaho. Ang mga abogado ng DV cases ay nagsasabi na ang mga biktima ay may mababang pagtingin sa sarili. Ang relasyon ng mag-asawa ay isa lamang parte ng pamumuhay at hindi ito ang kabuuan. Mahalaga na paghandaan ang sariling kinabukasan gayundin ng sa mga anak.

Kung kaya't maging matatag tayo dahil sa sarili din natin nakasalalay ang ating kinabukasan.

www.ficec.jp/foreign/

•Tingnan ang bagong address ng FICEC sa huling pahina.

Konsultasyon na may mga banyagang tagsalin sa FICEC.

Ang FICEC ay tumatanggap ng mga 700 konsultasyon kada taon, pero nang nakaraang mga taon ay walang pirmihang banyagang staff na tagasalin . Kung kaya't simula ngayong taon gumawa kami ng sistema para may eskedyul na kung kailan may banyagang interpreter para sa mas magandang komunikasyon at konsultasyon. Iskedyul ng konsultasyon sa sariling wika:

Araw at Oras: Mula Lunes hanggang Biyernes, 13:00 – 16:00

Mga Wika: Lunes(Portuguese), Martes(Tagalog/English) ,

Miyerkules at Huwebes(Chinese), Biyernes(Tagalog/English)

Alamin natin ang kulturang Hapon at lutong pagkain ng ibang bansa!

May ebento na isasagawa ang FICEC para sa mga dayuhang residente at mga lokal na Hapones upang lalong magbuklod sa ating samahan. Inaanyayahan namin ang mga dayuhang residente na lumahok. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng FICEC para sa detalye.


- 1 Flowers arrangement: Feb. 1, 2012(Wed) Mula 10:00 to 13:00 libre
- 2 Chinese (Taiwan)New Year's dishes: Feb. 8, 2012(Wed) mula 10:00 to 15:00, Kabayaran: 500 yen/tao
- 3 Saan: Ooi Central Community Center, (Pagsasalitan ng kuru kuro at masayang kwentuhan pagkatapos ng mga nasabing ebento)

Upa ng electric power-assisted bicycle na pwedeng masakyan ng 3 katao

Magandang balita sa may mga maliliit na anak. Ang Fujimino city ay nagsimulang magpa-upa ng electric power-assisted bike na may upuan para sa 2 bata na may edad 1 hanggang 6 na taon. Taunang upa ay 12,000 yen at may kasamang helmet para sa mga bata .

Bilang ng mga bisekleta: 20 units. Kung kayo ay interesado at may lugar na pagtatabihan ng bisikleta lumahok lamang sa pagtuturong gaganapin sa Feb. 20. Magkakaroon ng palabunutan sa Feb. 2 kung lalabis sa sinabing bilang. Magpasa ng aplikasyon sa child care support section sa Fujimino city, hanggang Enero 30,2012.

●Mga kailangang dokumento ①Aplikasyon ② Kontrata ng pangsangayon (Tingnan sa HP o pamphlet ng Fijimino city para sa dagdag na impormasyon)



Bawal magtapon ng basura sa paligid ng Kamifukuoka Station !

Mula Abril, 2011 mahigpit na ipinagbabawal ang paninigarilyo sa daan at pagtapon ng upos ng sigarilyo sa paligid ng Kamifukuoka station. Hinihingi ang inyong pakikipagkooperasyon sa patakarang ito . Para sa mga naninigarilyo gamitin ang mga nakatalagang lugar .

Impormasyon sa pagamutang maaring puntahan ngayong Bagong Taon

Karamihan sa mga ospital at klinika ay sarado ngayong pista ng Bagong Taon. Kung kayo ay nagkasakit at kailangang magpunta sa pagamutan o kaya iba pang emergency sa gabi tumawag sa :● **Asosyasyong Medikal ng Higashi-Iruma** :Phone**2 6 4 – 9 5 9 2**

URL <http://www.ne.jp/asahi/higashi-iruma/med/>

Departamentong Medikal at oras [Doktor/Pediatric] 09:00~12:00 at 13:00~16:00, [Doktor] Mula 20:00 ~ 23:00

www.ficec.jp/living/

●Basahin din ang “Impormasyon sa pamumuhay dito sa Japan” sa 6 na wika.